

# PAG-IIMPOK

# PAG-IIMPOK




Ang pag-iimpok ay isa sa mga disiplinang isinusulong ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative. Layunin ng K-Coop na maturuan ang mga miyembro ng financial literacy at ang pag-iimpok ay isang mahalagang bahagi nito. Kabilang din ang pag-iimpok sa 6 P's- ang batayan sa pagtaas ng loan ng miyembro.

Upang makapagbigay ng hamon at inspirasyon sa lahat, limang miyembro mula sa iba't ibang Satellite Offices na mayroong malalaking savings dito sa K-Coop ang ating makikilala.



**Jennie Tabilin**
Cainta Satellite Office
Loan Amount: P 25,000
Savings Amount (Range):
P 100,000-P 110,000
Source of Income:
Boundary ng 3 jeep at 5 tricycle

*"Kung gusto mo talagang makaipon, magtatabi ka talaga ng para sa savings at para sa budget ninyong mag-anak. Kailangan mo talagang magtipid at mag-stick doon sa budget na ginawa mo. Pagsusumikap at pagtitiis ang susi sa tuloy-tuloy na pag-iipon. Ang pinaka-goal naming mag-asawa ay makabili ng lote. Sa kasalukuyan ay tatlo ang pinaglalagakan ko ng ipon: alkansya, bangko, at Kasagana-ka. Nagustuhan ko ang Kasagana-ka dahil maganda ang patakaran."*

*"Ang pag-iipon ay paraan upang maging mabuting tagapamahala ng mga biyayang tinatanggap natin. Madaling mag-ipon kung gugustuhin mo, ang mahirap ay kung paano ka magiging consistent sa ginagawa mo. Kailangan ng matinding pagtitiis at motibasyon pero sa huli kapag nakita mong maganda ang resulta ng ginagawa mong pag-iipon, nagbibigay ito ng saya sa iyo dahil nakita mong may napuntahan ang mga pinagpaguran mo."*



**Merlyn Jolo**
Camarin Satellite Office
Loan Amount: P 70,000
Savings Amount (Range): P 80,000-P 90,000
Source of Income: Patahian ng punda at mga kurtina, computer shop



**Rosa Rubie Danoso**

Batasan Satellite Office

Loan Amount: None
Savings Amount (Range):
P 80,000-P 90,000
Source of Income:
Sari-sari Store

*"Sobrang napakahalaga ng pag-iimpok dahil mahirap na ang manghiram sa ibang tao sa panahon ng pangangailangan. Maganda na 'yung may madudukot ka. Madaling gastusin ang pera pero napakahirap kitain. Sa ngayon, wala pa naman akong paggagamitan ng savings ko, diyan na lang muna 'yan sa Kasagana-ka, tiwala ako na pangangalagaan nila [Kasagana-ka] ang aking ipon, at alam ko na tutubo pa ito ng interest."*

*"Magsikap na paunti-unti ay mag-ipon at balang araw makikita mo na lumalaki ang ipon mo. Kasi kapag may pangangailangan, hindi mo alam kung saan ka lalapit. Araw-araw ay nagtatabi ako ng panghulog at pang-savings ko sa Kasagana-ka. Sa loob ng siyam na taon ng pagiging member, sinunod ko lang ang itinakdang halaga ng savings at ngayon, malaking halaga na siya."*



**Aileen Maglipon**

Batasan Satellite Office

Loan Amount: P 25,000

Savings Amount (Range):
P 65,000-P 75,000

Source of Income:
Sari-sari Store, Direct Selling, Buy and Sell



**Felicisima Garcia**
Novaliches Satellite Office

Loan Amount: P 5,000
Savings Amount (Range):
P 50,000-P 60,000
Source of Income:
Packed Lunch at Merienda,
Paupahan na bahay

*"Para sa akin, ang pag-iipon ay para sa pamilya, sa kinabukasan ng mga anak, sa emergency o pangangailangan, o kaya ay kung may negosyo na nais buksan maari itong maging pang-puhunan. Iniisip ko palagi na kapag nawala na ako, may maiiwan ako sa mga anak ko. Wala na akong nais pang bilhin para sa sarili ko, ang tanging dahilan lang kung bakit ako nag-iimpok ay para sa mga anak ko."*




Ang maging kasangkapan upang makamtam ng mga miyembro ang kanilang hangarin na makapag-impok ay isang malaking karangalan para sa amin.

Maraming salamat po sa inyong pagtitiwala!

**AGOSTO 2017**